

Pag-uumpisa sa mga serbisyo sa murang kabataan para sa mga batang nag-aaral ng Ingles bilang karagdagang wika.

Ang positibong pagsisimula sa serbisyo sa murang kabataan ay mahalaga.

Mahalaga na mabisita ng mga magulang at mga anak ang serbisyo bago magsimula dito. Kung posible, magsimula sa maiikling sesyon at magpatuloy sa mahahabang sesyon upang matulungan ang mga bata na makaakma at maging palagay sa kapaligiran.

Makaaasa ang mga magulang sa mainit na pagtanggap ng mga guro at maghihikayat sila na gamitin ang mga wika bukod sa Ingles. Karamihan sa mga serbisyo ay may serbisyo sa pagpapaliwanag sa telepono para sa mga magulang na nagpapaunlad ng Ingles bilang karagdagang wika upang matulungan silang umunawa sa impormasyon. Bilang karagdagan, ang alalay sa dalawang wika ay makukuha sa maikling panahon upang tulungan ang mga batang nagsasalita ng wikang di-Ingles upang maging palagay sa serbisyo.

Tinatanggap ng mga guro ang pakikilahok ng mga magulang sa ibat-ibang aspeto ng programa. makatutulong ito sa pagiging palagay ng mga bata at pagkakaroon ng ugnayan sa bahay at kapaligiran ng murang kabataan. Tumutulong ito upang maunawaan ng mga magulang ang nangyayari sa serbisyo habang ang mga bata ay naroon at wala sa kanilang piling.

Mga paraan kung paano maaalalayan ng mga magulang ang kanilang mga anak upang maging palagay sa mga serbisyo sa murang kabataan.

- Paglalaan ng oras sa kanilang anak sa serbisyo – paglalarawan ng mga gawain sa serbisyo sa kanilang anak, pakikilaro, pagbabasa ng mga kwento, pag-awit ng mga kanta, pakikipag-usap sa ibang mga bata.
- Pakikipag-usap sa kanilang anak tungkol sa kanilang nararanasan at nararamdaman: panatagin ang kanilang kalooban at himukayatin sila.

Nais ng mga guro na unawain at igo ang kultura at mga kaugalian ng mga pamilya at maging sensitibo sa mga nakaraang karanasan. Ang pagbabahagi ng impormasyon ng pamilya sa mga guro ay makatutulong sa kanila upang higit na maunawaan ang mga bata, mga pamilya, wika, mga paraan ng pamumuhay at mga karanasan ng mga bata. Kasama sa mga halimbawa ng impormasyon na binibigay ng mga magulang tungkol sa kanilang mga anak sa mga serbisyo sa murang kabataan:

- Ang impormasyon tungkol sa kalusugan ng mga bata – pagbabakuna, anumang pangangailangan sa pagpapagamot, mga karamdaman o alerhiya.
- Kung paano pinapalitan ng mga magulang ang lampin ng mga anak.



- Kung paano gumagamit ng kubeta (ang mga kubeta sa mga serbisyo sa murang kabataan ay walang pinto upang maalalayan ng mga guro ang mga bata at matulungan sila kung kailangan).
- Ang mga pagkain ng mga bata, nakagawiang oras ng pagkain / mga gawain.
- Kung paano sinasanay ang mga bata na pakainin o kung sila ay kumakaing mag-isa.
- Ang pahinga ng mga bata / mga pangangailangan sa pagtulog: halimbawa mga kantang inaawit ng mga magulang, paboritong aklat, natatanging laruan o kumot at kung anong oras kadalasang napapahinga/natutulog ang mga bata sa araw.
- Kung paano inaalo ng mga magulang ang kanilang anak.
- Kung paano inaalalayan ng mga magulang ang pag-uugali ng kanilang anak halimbawa anong disiplina ang pinairal sa bahay.
- Kung ano ang kinalulugurang laruin ng mga bata.
- Mga tradisyon sa kultura at pamilya at mga pagdiriwang.

Ang pagsasali ng wika sa bahay ng mga bata at kultura sa kapaligiran ng murang kabataan:

Ang kaalaman ng mga bata sa pagbasa at pagbilang at mga kasanayan ay inaalalayan sa pamamagitan ng mga guro na nag-eengganyo sa mga bata sa diskusyon, naghihimukayat sa mga bata na paunlarin ang mga kasanayan sa pag-iisip sa pamamagitan ng mga pag-arte, pagpapalitan ng mga aklat at pagbabasa ng mga kwento, pag-awit at pakikipaglaro sa mga bata. Ang mga karanasang ito ay tutulong sa mga bata upang matuto ng Ingles.

Ang mga magulang ay hinihimukayat na

- Basahan ng mga larawang-aklat at magkuwento sa kanilang mga anak at sa ibang mga bata sa serbisyo na gamit ang kanilang wika sa bahay.
- Mag-alay ng oras sa pakikipag-usap sa kanilang anak at sa iba na nagsasalita ng parehong wika.
- Turuan ang mga guro ng mga awit, mga ritmo at mga tula sa kanilang wika na magagamit ng mga guro sa lahat ng mga bata.
- Magdala ng awitin mula sa kanilang kultura □ narekord na awit o instrumento sa pagtugtog.
- Magdala ng mga bagay na natatangi o kalimitang ginagamit sa kanilang kultura, gaya ng mga larawan at mga artepakto.



Incorporating Multicultural Resource Centre

Ground Floor, 9-11 Stewart Street
Richmond, 3121

tel: +61 3 9428 4471

fax: +61 3 9429 9252

email: fkacs@fka.org.au

web: www.fka.org.au

FKA Children's Services Inc. 215663278505573

